# Balitang Manmin

BILANG 178 ABRIL 16, 2017


# Nakibahagi ang GCN sa NRB Convention at Exposition 2017

## Nakasama nila ang Maraming Brodkaster at mga Manonood ng GCN, Pinatunayan Nila ang Magandang Epekto ng Ministeryo ng Brodkast sa mga Tao




Noong Pebrero 27 – Marso 2, nakibahagi ang GCN sa NRB 2017 International Christian Media Convention & Exposition na idinaos sa Orlando World Center Marriot, Orlando, Florida, Estados Unidos.

Ang NRB (National Religious Broadcasters) ay itinatag para protektahan ang mga karapatan ng mga Cristianong brodkaster. Kasama ng Estados Unidos bilang lider, may 1,400 organisasyon na ang sumanib, nagpapalitan sila ng mga kaalaman sa teknolohiya at mga programa. Sa taong ito, ipagdiriwang ang ika-500 anibersaryo ng Protestant Reformation, at mahigit sa 200 iba't ibang grupo ang dumating at nagbahagi ng plano nila sa ministeryo ng pagbobrodkast.

Noong Pebrero 27, dumalo ang GCN sa Great Commission Reception kung saan nagsama-sama ang mga Cristianong nasa larangan ng pagbobrodkast. Ipinakilala nila ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at ibinalita ang tungkol sa kapangyarihan ng ministeryo ng pagbobrodkast ng iglesya nito. Inanunsyo sa mga sumunod na sesyon ang pormal na pagsisimula ng NRB Convention.

Noong Pebrero 28, binisita ng maraming tao ang pwesto ng GCN, kasama dito ang mga presidente ng bawat kumpanya tulad ng New York Channel 17, TBN Russia, Impact TV (nag-iisang Russian TV sa Estados Unidos), at Right Cast (nagbobrodkast sa internet). Pinag-usapan nila ang mga paraan kung paano magpapalitan ng impormasyon at paano magkakaroon ng malapit na pakikipagtulungan para sa pagpapalaganap ng GCN.

Pinuntahan ng Presidente ng NRB na si Dr. Jerry Johnson at ng iba pang lider ng NRB ang pwesto ng GCN, pinalakas nila ang loob ng mga nakabantay doon, sinabi nila, "Kailangan natin ngayon ang Salita ng Diyos. Malaking kasiyahan para sa amin na mayroong GCN na nagbabahagi nito." Dumating din ang dating Presidente na si Dr. Frank Wright, masaya ang pagtanggap nito sa kanila. Ipinarating naman nina Dr. Mikhail Morgulis, Presidente ng Spiritual Diplomacy sa Estados Unidos at Mr. Dan Wooding, Presidente ng Assist News Service, ang pagmamahal nila para kay Dr. Jaerock Lee at sa mga miyembro ng Manmin.

Maraming dumating na manonood ng GCN, nagpatotoo sila tungkol sa mga karanasan nila at sa epekto at impluwensya ng ministeryong ito. Sinabi ni Diakonesa Soonja Cho na naninirahan sa Florida, "Kung hindi ko panakinggan ang mensahe ni Dr. Jaerock Lee, hindi ko nalaman na papalayo ako sa Langit. Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee dahil itinuro niya sa akin ang kalooban ng Diyos na nakasulat sa Biblia." Sinabi ni Cosuelo Noma, isang manonood ng Enlace (nangungunang istasyon ng telebisyon sa Latin America), "Tumatanggap ako ng maraming pagpapala sa mga sermon ni Dr. Lee tuwing Linggo ng umaga. Nagpapasalamat ako sa magagandang programang tulad nito." Sinabi ng isang empleyado ng Glory Star TV na mahigit sa 250,000 tao sa Estados Unidos ang nanonood sa GCN at nadadagdagan pa ito ng 25,000 bawat taon. Sinabi niya, "Pinakamaganda ang mga programang sermon, mga papuri, at pagtatanghal."

Noong Marso 1, inanyayahan ang GCN sa Media Leadership Dinner at sa Ika-50 Pagdiriwang ng Reunification of Jerusalem kung saan nila muling nakita ang mga kaibigang mga mamamahayag at nakakilala ng mga bago. Kinahapunan, sa sesyong ginawa ng Learning Arena, ibinahagi ng direktor ng GCN na si Elder Johnny J. Kim ang kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita ni Dr. Lee sa kanyang mga krusada sa ibang bansa at ang ministeryo ng GCN na gumigising sa kaluluwa ng mga tao sa lahat ng bansa.

Binisita ng Bise Presidente ng RNB na si Andre Bidnyuk at Pastor Lee Strobel ang pwesto ng GCN. Nakipagsaya siya doon. Ginawang pelikula ang buhay niya na may titulong, 'The Case for Christ'. Noong Marso 2, nakipagkita sila kay Troy Miller, Presidente ng Belo Group Publisher at ng NRB TV.

Mula nang magbukas ang GCN noong taong 2005, nakapagtatag na ito ng pakikipagtulungan sa maraming pangunahing istasyon ng pagbobrodkast kabilang na ang pampubliko, satellite, at cable TV. Lumalaganap na ang mga naiibang programa nito batay sa salita ng buhay at kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita ni Dr. Lee sa mahigit 170 mga bansa.

### "Madaling Maintindihan ang Sermon ni Dr. Jaerock Lee"

Yuri Cherneski, Presidente ng Impact TV (para sa sangay sa Russia), Estados Unidos



Nagpadala ng magagandang komento at opinyon ang maraming manonood mula sa GCN Russia. Nirerespeto nila ang mga turo ni Dr. Lee. Sinabi nila na nagkaroon sila ng malinaw na pag-unawa tungkol sa Diyos at sa Biblia dahil sa itinuturo nito.

Tinaggap ni Dr. Jaerock Lee ang interpretasyon mula sa Diyos, pagkatapos, ipinangaral niya ito. Ito ay mga mensahe na maraming pagpapala. Nalaman ng mga manonood ang tungkol sa Langit at Impiyerno at natanto ang itinuturo ng Biblia tungkol sa katotohanan dahil sa mga mensahe. Ipinapakita ng ministeryo niya ang pinakamataas na kalidad ng pagiging propesyunal, kaayusan, prisipyo, istruktura, at kakayahang magorganisa. Naniniwala ako na magiging makapangyarihan ang pakikisama namin sa GCN dahil alang-alang ito sa kaluwalhatian ng Diyos.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Kainin ang Laman ng Anak ng Tao at Inumin ang Kanyang Dugo (2)

"Sinabi nga sa kanila ni Jesus, 'Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili. Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at siya'y muli Kong bubuhayin sa huling araw. Sapagkat ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin.'"
(Juan 6:53-55)

Para panatilihin ang pisikal na buhay, dapat kumain at uminom para manatiling malusog ang isang tao. Ang tubig ay tumutulong sa pagtunaw ng pagkain at pagkuha ng mga sustansya, tumutulong din ito sa pagpapalabas ng mga dumi na nakakasira at nakakalason sa katawan. Kahit tanggapin natin si Jesu-Cristo at ang Banal na Espiritu at maging mga anak ng Diyos, nakakamit natin ang walang hanggang buhay kung kakainin natin ang laman at iinumin ang dugo ng Anak ng Tao.

Paano natin kakainin ang laman at iinumin ang dugo ng Anak ng Tao? Ipagpatuloy natin ang pag-aaral tungkol dito.

## 1. Gawing tinapay ang laman ng Anak ng Tao

Ang pagkain ng laman ng Anak ng Tao ay nangangailangan din ng pag-inom sa dugo Niya. Sa madaling salita, hindi lang natin pag-aaralan ang tungkol sa Diyos sa masigasig na pakikinig at pagbabasa ng Salita Niya, kundi dapat nating isabuhay ito at itanim sa puso. Ano ang kaibahan ng "pag-aralan ang Salita Niya" at "isabuhay at itanim ang Salita sa puso"?

Kahit anong impormasyon na pumapasok sa utak ay pwedeng makalimutan. Hindi nangangahulugang dahil 'alam' natin ang katotohanan, isasabuhay na natin ito. Hindi lang natin dapat isaulo ang mga talata at bigkasin ito, pagnilayan din natin ito. Halimbawa, kung isasaulo natin ang Mateo 5:44 na nagsasabi, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang umuusig sa inyo", dapat nating gawin kung ano ang sinasabi ng talata.

Ayon sa Salita ng Diyos kapag may isang taong gumawa ng masama sa inyo at inuusig kayo, dapat mahalin pa rin ninyo ang taong iyon, idalangin ninyo siya. Kung nasa utak lang natin ang utos ng Diyos bilang kaalaman, magkakaproblema tayo. Baka magalit at gumanti tayo sa kanila. Pero kung susundin natin ang utos na ito, magkakaroon tayo ng pag-ibig at habag, mawawala ang galit at init ng ulo. Kung isasabuhay natin ang kababaang-loob, maiaalis natin ang kayabangan.

## 2. Sabay-sabay Inumin ang Dugo ng Tao

Ang pag-aaral at pagsasabuhay ng salita ng Diyos ay hindi lang nangangailangan ng pag-intindi ng Biblia sa tulong ng Banal na Espiritu kundi pati ang pagtanggap ng pagpapala at kalakasan ng Diyos dahil sa maalab na pananalangin. Kinakailangan ng pagsisikap ng bawat isa ang tamang pag-unawa sa Salita at pagsasabuhay nito. Ito ang kahulugan ng 'inumin ang dugo ng Anak ng Tao'.

Kaya, kapag sinabing, "inumin ang Dugo ng Anak ng Tao" tumutukoy ito sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Nahahati ang Salita ng Diyos sa apat na kategorya. Ito ay "mga dapat sundin", "mga dapat iwaksi", "mga dapat gawin", at "mga hindi dapat gawin." Dapat nating sundin ang bawat isa sa mga ito.

Kung walang pagsunod, hindi natin mararanasan ang kapangyarihan ng Diyos at kung walang personal na karanasan ng kapangyarihan ng Diyos, hindi lalago ang pananampalataya, mananatili itong kaalaman lang. Sinasabi sa atin ng Santiago 2:22, "Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kanyang mga gawa, at ang pananampalataya ay naging ganap sa pamamagitan ng mga gawa." Kapag ipinakita natin sa Diyos ang mga gawa na kalakip ng pananampalataya, ang pananampalatayang kaalaman lang ay magiging espirituwal na pananampalataya.

Kahit ang pananampalataya ng isang tao ay kasinliit ng buto ng mustasa sa simula, kung ipagpapatuloy niya ang pagpapakita sa Diyos ng mga gawa bilang pagpapatunay ng pananampalataya niya, pahihintulutan ng Diyos na maranasan niya ang pagpapala at kapangyarihan para maging dakila ang pananampalataya niya. Kapag pinagkatiwalaan natin ang Salita ng Diyos, at susunod dito bawat minuto ng ating buhay, makakamit natin ang "sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo" (Efeso 4:13).

Sa kabilang banda, kung hindi natin susundin ang salita ng Diyos kahit kasinliit ng buto ng mustasa ang pananampalataya natin pagkatapos nating tanggapin ang Banal na Espiritu, hindi tayo magkakaroon ng mga espirituwal na karanasan, at hindi magbabago ang puso natin kahit matagal na tayong Cristano. At kung mas lalala pa ang situwasyon, baka mawala pa ang pananampalataya natin at lumayo na tayo. Hinihikayat ko kayo na gawin ninyong perpekto ang pananampalataya ninyo, sundin ninyo ang Salita ng Diyos.

## 3. Para Maligtas, Magkaroon ng Walang Hanggang Buhay, mga Kasagutan, at mga Biyaya, Dapat may Kasamang mga Gawa ang Pananampalataya Natin

Kung pinaniniwalaan ninyo ang mga pangako ng Diyos na nakasulat sa Biblia, magkakaroon ng mga gawa ang pananampalataya ninyo. Sabihin nating may nangako sa inyo ng kayamanan na nagkakahalaga ng ilang milyong piso, inilagay ito sa Washingto, DC. Pagkatapos, sinabi sa inyo na makukuha ninyo ito kung maglalakad kayo patungong New York City na may 331 kilometro ang layo (206 milya). Kung gusto talaga niyong makuha ang pera, at mapapagkatiwalaan naman ang nagsabi nito, lalakarin ninyo mula sa New York hanggang sa Washingto DC.

Dahil dito, ipinapaalala sa atin ng ikalawang bahagi ng Santiago 2:26 na ang "pananampalatayang walang gawa ay patay." maraming tao ang nagsasabing, "Naniniwala ako sa makapangyarihang Diyos," pero hindi nila magawang lubos na magtiwala, hindi nila maipakita ang pananampalatayang may kasamang mga gawa. Makikita natin sa Salita ng Diyos na ang espirituwal na pananampalataya na may kasamang mga gawa ang makakapagligtas sa atin at makakapagbigay sa atin ng mga biyaya mula sa Diyos at mga sagot sa mga panalangin.

May mga taong bumabanggit ng Mga Taga-Roma 10:13 na nagsasabing, "Ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas," para masabi lang na maliligtas ang tao kung magpapahayag sila ng pananampalataya kahit nabubuhay sila sa kasalanan. Sinisikap nilang pagtakpan ang mga kasalanan nila. Pero ang talatang ito ay nagsasabi tungkol sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos na naglitas ng mga makasalanan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at hindi dapat gamitin para ipawalangsala ang mga makasalanan.

Dahil laging may kapares o suportang talata ang Salita ng Diyos, basahin natin ang bawat talata sa Biblia ayon sa konteksto o kahulugan nito. Ang interpretasyon ng Biblia sa tulong ng Banal na Espiritu ang magbibiay ng tamang pag-intindi. Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 10:9-10, "Sapagkat kung ipapahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay Siyang muli ng Diyos mula sa mga patay, ay maliligtas ka. Sapagkat sa puso ang tao ay nananampalataya kaya't itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya't naliligtas." Kaya ang kahulugan ng Mga Taga-Roma 10:13 ay ang pagpapahayag ng mga taong naging banal ang magliligtas sa kanila.

Ano ang ibig sabihin ng Biblia kapag nabasa natin ang, "...sapagkat sa puso ang tao'y nananampalataya kaya't itinuturing na ganap"? Mababasa natin sa Mga Taga-Roma 2:13, "Sapagkat hindi ang mga tagapakinig ng kautusan ang siyang ganap sa harapan ng Diyos, kundi ang tumutupad sa Kautusan ay aariing ganap." Sa madaling salita, kung totoong nagtitiwala tayo ng buong puso sa Salita ng Diyos na naririnig natin, susundin natin ito, mapapawalang-sala tayo kaya magiging banal tayo.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sa pagsunod sa Salita ng Diyos at pagtulad kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na bibigyan ninyo ng lugod ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya na may kasamang mga gawa para maging mabuti ang lahat ng aspeto ng buhay ninyo!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Mga Paraan para Magtagumpay sa Espirituwal na Labanan

Habang papalapit ang pagbabalik ng Panginoon, mas sumasama at nagiging tuso ang mga pakana ni Satanas. Pag-aralan natin ang mga espirituwal na kahulugan ng Buong Kasuotang Pandigma ng Diyos ayon sa Efeso 6:14-17.

## "Kaya't tumindig kayo, na ang inyong mga baywang ay nabibigkisan ng katotohanan na suot ang baluti ng katuwiran" (Efeso 6:14).

Ang 'baywang' ay may mahalagang tungkulin, sinusuportahan nito ang buong katawan. Kapag binigkisan natin ang baywang natin, masusuportahan din ang laman sa may gulugod para manatili ito sa tamang posisyon. Matatag ang katawan natin kapag gumagawa ng mabibigat na gawain kapag nakabigkis tayo. Kaya, ang 'tumindig kayong may bigkis ng katotohanan' ay nangangahulugang, maging matatag tayo kay Jesu-Cristo na Siyang katotohanan.

Kapag matatag sa Salita, magkakaroon tayo ng espirituwal na kapangyarihan, hindi tayo maniniwala sa kahit na anong masamang pakana ni Satanas.

Ang baluti ay isang bahagi ng kasuotang pandigma na tumatakip sa katawan. Kung walang suot na ganito, baka mamatay ang sundalo kapag nasugatan. Sinasabi sa atin ng Diyos na 'isuot natin ang baluti ng katotohanan' para manalo sa espirituwal na labanan. Ang kaalaman tungkol sa Salita ng Diyos ay hindi sapat para maging matuwid. Magiging banal tayo kung pagtitiwalaan natin ang Salita nang buong puso at susundin ito (Mga Taga-Roma 10-10). Kung iwawaksi natin ang mga kasalanan at kasamaan, at pupunuin ang puso ng katotohanan, mapoprotektahan natin ang ating sarili mula kay Satanas at matapang na maitataboy natin ang kadiliman.

## "At nakasuot sa iyong mga paa ang pagiging handa para sa ebanghelyo ng kapayapaan" (Efeso 6:15).



Kapag iniwan natin ang 'dating pagkatao' kasama ang mga dating gawain nito, at isusuot ang 'bagong pagkatao' na tumutulad sa Diyos, pwede na nating isuot sa mga paa natin ang pagiging handa para sa ebanghelyo ng kapayapaan. Kung gagawin natin ito bilang pagsunod sa Salita ng Diyos, mapupuno tayo ng kagalakan, kasiyahan, pagpapasalamat, at kapayapaan.

Sa kabaliktaran, mahihirapan tayong magsulong ng buhay Cristiano at magkakaproblema tayo kung hindi tayo kikilos ayon sa Salita ng Diyos kahit natutuhan na natin ito. Kapag nanalangin tayo nang maalab, tatanggapin natin ang kapuspusan at inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, makakasunod na tayo sa Salita. Tutulungan tayo nito na magalak palagi, manalangin nang walang patid, at magpasalamat sa lahat ng bagay (1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18).

Kapag nagbago tayo dahil sa pag-ibig ng Diyos at nabuhay nang payapa at masaya, sa pamamagitan ng ebanghelyo, maraming makikinig sa atin, papasok sila sa daan patungo sa buhay at iiwan ang daan patungo sa kamatayan.

## "Kasama ng lahat ng mga ito, taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na sa pamamagitan nito ay inyong masusugpo ang mga nag-aapoy na palaso ng masama" (Efeso 6:16).

Kahit gaano katapang ang isang mandirigma at kahit gaano kahusay ang pagkakasuot niya sa baluti, kung wala naman siyang kalasag, mapapahamak din ang buhay niya.

Kung papanain ng umaapoy na palaso ang isang tao, malala ang magiging sugat niya. Pero pwede tayong maprotektahan at mapapatay ang umaapoy na palaso ni Satanas sa pamamagitan ng kalasag ng pananampalataya kapag tinutukso tayo ng umaapoy na mga pagsubok.

Kung bibigyan natin ng kaluguran ang Diyos na Makapangyarihan sa ating pananampalataya, malulutas ang lahat ng problema tulad ng mga karamdaman, kahirapan, at maitataboy ang pwersa ng kadiliman.

## "At taglayin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na siyang Salita ng Diyos" (Efeso 6:17).

Parang nagpapakamatay ang isang sundalo kung hindi niya isusuot ang helmet sa labanan. Sa espirituwal na diwa, ang pinakamahalaga ay ang helmet ng kaligtasan.

Sinasabi ng Filipos 2:12, "Kaya nga, mga minamahal ko, kung paanong lagi ninyo akong sinsunod, hindi lamang sa harapan ko, kundi higit ngayon na ako'y hindi ninyo kasama, ay isagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan na may takot at panginginig." Ang kaligtasan ay hindi ibinibigay sa taong nagpapahayag ng pananampalataya kay Cristo. Hanggang maabot natin ang perpektong kaligtasan, dapat tayong manatiling matino, at nasa katotohanan.

Kung puno ng pagpapasalamat at kagalakan ang isang tao dahil ligtas siya, maaliwalas ang mukha niya at nakangiti, nagpupuri ang kanyang mga labi, at nagniningning ang mga mata niya sa tuwa. Hahangarin ng mga tainga niya na makinig sa Salita ng Diyos at maglilingkod para sa Kaharian Niya nang may sigla at pag-ibig para sa Panginoon.

Kung sinusuot natin ang helmet ng kaligtasan, magtatagumpay tayo sa espirituwal na labanan kahit dumating ang mga pagsubok, mas luluwalhatiin natin ang Diyos.

Para sa proteksyon ng mandirigma ang baluti, helmet, at kalasag, pero ang tabak ay armas na panlaban sa mga kaaway. Kung wala tayong dalang ganito, hindi tayo mananalo. Dapat din nating dalhin ang tabak ng Espiritu para matalo si Satanas.Tumutukoy sa salita ng Diyos ang tabak ng Espiritu.

Kung gaano natin palalakasin ang ating mga sarili sa Salita ganoon din ang lakas at kapangyarihan na ibibigay sa atin ng Diyos. Matatalo natin ang pwersa ng kadiliman.

Sa pagtatapos, ang pagpapalakas natin sa pamamagitan ng Salita ng Diyos ay paghahanda bago isuot ang buong kasuotang pandigma. Ang maalab na pananalngin ay parang pagsusuot ng kasuotang pandigma. Manalangin tayo at magpalakas sa pamamagitan ng Salita ng Diyos para makapaghatid ng maraming kaluluwa sa Panginoon sa tulong ng kapangyarihan Niya.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714



# “Nagbago ang Pamilya Ko sa Tulong ng Kapangyarihan ng Diyos”

Diakono Seongtae Park, 60 taong gulang, Miryang Manmin Church

Dahil pangatlo akong anak at nag-iisang lalaki sa isang pamilyang Buddhist, naging maramot ako. Noong 1987, pagkatapos ng kasal ko, pinahirapan ko ang asawa at mga anak ko dahil masama ang ugali ko, bigla akong nagagalit, hindi ko sila pinapakinggan. Nagdusa sa depresyon ang asawa ko at may iba pa siyang mga karamdaman. Inasikaso pa niya ang lola ko, mga magulang, pati ako. Naisip pa niyang makipaghiwalay sa akin.

Noong taong 1993, nagkaroon ng malaking pagbabago sa pamilya ko dahil sa mga sermon na nakarecord. Tungkol ito sa mensahe na inihatid sa Special Revival Meeting. Nang tanggapin ng asawa ko ang panalangin ng pastor pagkatapos ng mensahe, bumaba sa kanya ang apoy ng Banal na Espiritu, gumaling ang mga karamdaman niya. Nang makita ko siyang papunta sa iglesya na napakasaya, sinundan ko siya. Itinuro sa akin ng mga sermon ni Dr. Lee ang tunay na kahulugan ng buhay ko, naantig ng lubos ang puso ko.

### Gumaling ang mga Karamdaman ng mga Magulang Ko

Inabangan ko ang Linggo. Noong una, inusig kami ng mga magulang ko, pero nagbago sila dahil tinupad ng asawa ko ang tungkulin niya, naglingkod siya nang buong puso. Pagkatapos ng ilang taon, nagrehistro na rin sila sa iglesya. Gumaling ang rayuma sa tuhod ng tatay ko sa tulong ng panalangin ni Dr. Lee, gumaling din ang sakit sa likuran ng nanay ko, nakakuba ang likod niya dahil nabali ito nang mahulog siya.

Noong taong 2007, panahon ng tag-init, napakaraming mapaminsalang insekto. Akala ko wala na akong magagawa kundi gumamit ng pestisidyo kahit malapit na ang tag-ani. Pero may dumating na pulutong ng tutubi sa taniman ko. Pinadala sila ng Diyos sa palayan ko, hindi ko na kinailangang maglaay ng pestisidyo, kaya mas marami akong inani. Magmula noon, sampung taon na akong nagpapalayan nang walang pestisidyo. Napakalaki ng pasasalamat ko.

Pagkatapos kong magrehistro sa iglesya, maraming tungkulin ang ibinigay sa akin ng Diyos, nagsikap akong magtrabaho ng tapat. Pero nahiya ako dahil nagagawa ko pang magalit sa pamilya ko kapag hindi nasunod ang gusto kong mangyari. Lumayo sa akin ang dalawang anak kong lalaki. Kahit nais ng Diyos na maging banal ako, hindi ko pinansin. Sinimulan kong hilingin ang tulong ng Diyos. Dumalo ako sa pulong panalaning Daniel at naghandog ng espesyal na panalangin pagkatapos ng pagpupulong.

Pinagsisihan ko ang pagiging makasarili ko, sinikap kong iwaksi ang kayabangan ko at isipin din ang ibang tao. Habang ginagawa ko ito, unti-unting nabawasan ang init ng ulo ko, matagal kong naging problema ito. Pinakinggan ko ang mga sinasabi ng mga anak ko, tinulungan ko rin ang asawa ko sa gawaing bahay. Nagugulat ako sa sarili ko. Naging maayos ang samahan ng pamilya ko, napupuri pa ako ng ibang tao.

Noong Enero 16, 2017, inubo ang asawa ko, hindi nawala ang lagnat niya. Nakita sa x-ray at sa CT scan na malala na ang kanser niya sa baga. Sinabihan siya ng doktor na kumunsulta sa mas malaking ospital dahil may nakitang 5sm bukol, parang tumor. Noong Enero 18, ganito rin ang naging resulta ng pagsusuri sa Busan University Hospital. Iminungkahi ng doktor na magpa-biopsy siya. Nakinig siya sa pulong panalanging Daniel sa smart phone habang nasa ospital, pinagsisihan niya ang mga pagkukulang niya. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit na naka-record sa Automated Response System.

Noong Enero 25, nakita sa resulta ng biopsy na mayroong pamamaga. Noong Pebrero 2, pagkatapos ng pangalawang pagsusuri, na may pamamaga, pero walang tumor. Noong Marso 2, ganun pa rin ang resulta. Nagpapasalamat kaming dalawa sa pagmamahal ng pastol na nanalangin para sa amin.

Dahil nakita naming umaasa siya sa Diyos at walang kahit na anong alalahanin, mas nagpasalamat kami dahil nasa iglesya kami kung saan naipapakita ang kapangyarihan ng Diyos. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos, binago niya ang pamilya ko, masaya na kaming lahat.

# “Gumaling ang Rayuma Ko, at Bumalik ang Pandinig Ko”



Kapatid na Claudia Berniac, 55 taong gulang, France

Magmula noong 10 taong gulang pa lang ako, umiinom na ako ng gamot para sa rayuma (rheumatoid arthritis). Pagdating ko ng 30 taong gulang, inoperahan ang dalawang tainga ko dahil mayroon akong otosclerosis, nagkaroon ng buto sa gitna ng tainga, dahil dito, nawawala ang pandinig ko, pero umulit ang problema sa kaliwang tainga ko, nagkaproblema ako sa pandinig. Noong taong 1999, nagkaroon din ako ng problema sa sikmura pagkatapos kong manganak sa panganay na lalaki. Hindi na nawala ang masasakit at karamdaman sa katawan ko.

Mas malala pa, naging sugapa sa droga ang panganay na anak kong lalaki. Nag-alala ako at nakipag-away sa kanya bawat araw. Noong taong 2014, habang nabibigatan ako sa mga problema ng buhay ko, nakilala ko si Janet. Sinabi niya sa akin na napakasaya niya dahil nalutas ang mga problema niya sa buhay, gumaling din ang mga karamdaman niya nang matanto niya ang pag-ibig ng Diyos sa tulong ng mga sermon ng punong pastor ng Manmin Central Church na si Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Sinunod ko ang Salita.

Ibinigay niya sa akin ang mga libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus*, *Langit*, *Hell*, at *Ang Diyos na Nagpapagaling.* Tumanggap ako ng malaking pagpapala sa pagbabasa ko nito. Dalawampung taon na ang lumipas nang maging Cristiano ako at mabinyagan, pero wala pa akong narinig na mensaheng tulad nito kahit saan.

Dinaluhan ko ang pagsamba at pulong panalangin sa GCN. Noong Mayo, 2015, nagrehistro na rin ako bilang miyembro ng Manmin.

Noong Hunyo 2016, pumunta sa France si Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Patnubay na Pastor ng Manmin, pinangunahan niya ang pagupulong na may panyong nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos kong tanggapin ang panalanging may panyong dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee, gumaling ang problema ko sa tiyan na 17 taong kong dinala at ang rayuma na naging sakit ko sa loob ng 44 taon.

Noong Agosto, bumisita ako sa South Korea para tanggapin ang panalangin para sa panganay na anak ko. Nasa ospital siya dahil sugapa siya sa ipinagbabawal na gamot. Pagkatapos kong tanggapin ang panalangin niya na may pananampalataya sa unang araw ng retreat sa tag-init ng Manmin 2016, bumuti ang pakiramdam ng anak ko, naging payapa siya. Bumalik ang pandinig ng kaliwang tainga ko. Malakas na ang pandinig ko. Hallelujah!